MGA PANUTO SA PAGSUSULAT
ADR-5.4.3

Mga pagkilos sa oras ng aksidente o emergency

Sa oras ng aksidente o emergency na maaaring maganap o dumating sa panahon ng pagkarga, gagawin ng mga miyembro ng tauhan ng sasakyan ang mga sumusunod na aksyon kung saan ligtas at nararapat na gawin:

- Ilapat ang braking system, ihinto ang makina at ibukod ang baterya sa pamamagitan ng pagsasa-aktibo ng master switch kung saan magagamit;
- Iwasan ang mga pinagmumulan ng pagsindi, sa partikular, huwag manigarilyo o mag-switch ng anumang kagamitang de-kuryente;
- Ipagbigay alam sa naaangkop na mga serbisyo sa emergency, magbigay ng higit na impormasyon tungkol sa insidente o aksidente at mga substance na nasasangkot hangga't maaari;
- Isuot ang warning vest at ilagay ang mga naitatayong warning sign tulad ng naaangkop;
- Ihanda ang mga dokumento ng sasakyan para pagdating ng mga rerespunde;
- Huwag lakaran o hawakan ang mga natapong substance at iwasan ang paglanghap sa mga singaw, usok, alikabok at mga vapor sa pananatili sa lugar na nahahanginan;
- Kung saan naaangkop at ligtas na gawin, gamitin ang mga fire extinguisher upang patayin ang mga maliliit/simula ng apoy sa mga gulong, brake at bahagi ng makina;
- Hindi gagalawin ng mga tauhan sa sasakyan ang apoy sa bahagi ng kargada;
- Kung saan naaangkop at ligtas na gawin, gamitin ang mga kagamitan sa sasakyan upang maiwasan ang mga tagas sa nakapaligid na tubig o imburnal at upang mapigilan ang mga pagtagas.
- Lumayo sa lugar ng aksidente o emergency, payuhan ang ibang tao na lumayo at sumunod sa payo ng mga nagbibigay serbisyo sa emergency;
- Alisin ang anumang kontaminadong damit at gamit na kontaminadong bagay na pamprotekta at ligtas itong itapon.

Karagdagang tagubilin sa mga miyembro ng tauhan ng sasakyan sa mga mapanganib na katangian ng delikadong mga bagay ayon sa uri at sa mga aksyon na nararapat sa nananaig na mga pangyayari

Mga label at placard ng panganib	Mga mapanganib na katangian	Karagdagang tagubilin
(1)	(2)	(3)
Mga sumasabog na substance at bagay 1 1.5 1.6	Maaaring magkaroon ng hanay ng mga katangian at epekto tulad ng malawakang pagdedetona; pagtilapon ng mga fragment; matinding pagdaloy ng apoy/init; pagkakaroon ng matinding liwanag, malakas na ingay o usok. Sensitibo sa shock at/o pagbangga at/o init.	Humanap ng masisilungan subalit lumayo sa mga bintana.
Mga sumasabog na substance at bagay 1.4	Kaunting peligro ng pagsabog at sunog.	Maghanap ng masisilungan.
Mga maaaring umapoy na gas 2.1	Peligro ng sunog. Peligro ng pagsabog. Maaaring may pressure. Peligro ng asphyxia (kahirapan sa paghinga). Maaaring magsanhi ng paso at/o frostbite. Maaaring sumabog ang nilalaman kapag nainitan.	Maghanap ng masisilungan. Lumayo sa mababababang lugar.
Mga hindi umaapoy, hindi nakakalason na gas 2.2	Peligro ng asphyxia (kahirapan sa paghinga). Maaaring may pressure. Maaaring magsanhi ng frostbite. Maaaring sumabog ang nilalaman kapag nainitan.	Maghanap ng masisilungan. Lumayo sa mababababang lugar.
Mga nakalalasong gas 2.3	Peligro ng intoxication (pagkalason). Maaaring may pressure. Maaaring magsanhi ng paso at/o frostbite. Maaaring sumabog ang nilalaman kapag nainitan.	Gumamit ng emergency escape mask. Maghanap ng masisilungan. Lumayo sa mababababang lugar.
Mga maaaring umapoy na likido 3	Peligro ng sunog. Peligro ng pagsabog. Maaaring sumabog ang nilalaman kapag nainitan.	Maghanap ng masisilungan. Lumayo sa mababababang lugar. Pigilan ang mga tumatagas na substance mula sa pagdaloy sa nakapaligid na tubig o sa imburnal.
Mga maaaring umapoy na solid, self-reactive na mga substance at desensitized explosives 4.1	Peligro ng sunog. Maaaring umapoy o madalíng masunog, maaaring magsindi sa init, kisap o apoy. Maaaring maglaman ng mga self-reactive na substance na maging dahilan ng pagkalusaw dahil sa matinding init sa kaso ng pinagkukunan ng init, pagdikit sa iba pang mga substance (tulad ng asido, mga heavy-metal compound o amines), friction o shock. Maaari itong magre-sulta sa pagbuo ng mga nakakapaminsala at maaaring umapoy na gas o vapor. Maaaring sumabog ang nilalaman kapag nainitan.	Pigilan ang mga tumatagas na substance mula sa pagdaloy sa nakapaligid na tubig o sa imburnal.

Tandaan 1: *Para sa mga delikadong bagay na may maraming panganib at para sa mga halo-halong karga, sundin ang bawat nararapat na nabanggit.*

Tandaan 2: *Maaaring gawin ang karagdagang tagubilin na ipinakita sa itaas upang ipakita ang mga uri ng mapanganib na bagay na ikakarga at mga paraan ng paglilipat ng lugar sa mga ito.*

Mga label at placard ng panganib	Mga mapanganib na katangian	Karagdagang tagubilin
(1)	(2)	(3)
Mga substance na maaaring magdulot ng biglaang pagliyab 4.2	Peligro ng biglaang pagliyab kung napinsala ang pakete o natapon ang mga nilalaman. Maaaring magkaroon ng matinding reaksyon sa tubig	
Mga substance na kapag nadikit sa tubig ay naglalabas ng maaaring umapoy na gas 4.3	Peligro ng sunog at pagsabog kapag nadikit sa tubig.	Dapat na panatilihing tuyo ang mga natapong substance sa pamamagitan ng pagtatakip sa mga natapon.
Nag-o-oxidize na mga substance 5.1	Peligro ng pagsindi at pagsabog. Peligro ng pagkakaroon ng malaking reaksyon kapag nadikit sa mga maaaring umapoy na substance.	Iwasang mahalo sa mga maaaring umapoy o madaling masunog na substance (hal. Kusot).
Organic peroxides 5.2	Peligro ng pagkalusaw dulot ng matinding init sa matataas na temperatura, pagkadikit sa iba pang substance (tulad ng asido, heavy-metal compounds or amines), friction o shock. Maaari ito magresulta sa pagbuo ng nakakapaminsala at maaaring umapoy na gas o vapor.	Iwasang mahalo sa mga maaaring umapoy o madaling masunog na substance (hal. Kusot).
Mga nakakalason na substance 6.1	Peligro ng intoxication (pagkalason). Peligro sa nakapaligid na tubig at imburnal.	Gumamit ng emergency escape mask.
Mga nakakaimpeksyon na substance 6.2	Peligro ng impeksyon. Peligro sa nakapaligid na tubig at imburnal.	
Radioactive material  7A 7B 7C 7D	Peligro ng pagpasok at panlabas na radiation.	Limitahan ang panahon ng pagkakalantad.
Fissile material 7E	Peligro ng pagkakaroon ng sunod-sunod na reaksyong nukleyar.	
Mga nakakaagnas na substance 8	Peligro ng pagkasunog. Maaaring magdulot ng matinding reaksyon sa isa't-isa, sa tubig at iba pang mga substance. Peligro sa nakapaligid na tubig at imburnal.	Pigilan ang mga tumatagas na substance mula sa pagdaloy sa nakapaligid na tubig o sa imburnal.
Iba pang mga mapanganib na substance at mga bagay 9	Peligro ng pagkasunog. Peligro ng sunog. Peligro ng pagsabog. Peligro sa nakapaligid na tubig at imburnal.	Pigilan ang mga tumatagas na substance mula sa pagdaloy sa nakapaligid na tubig o sa imburnal.

Mga gamit para sa personal at pangkalahatang proteksyon upang maisagawa ang mga pangkalahatang aksyon at mga ispesipikong aksyon na pang-emergency sa panganib na dadalhin sa loob ng sasakyan alinsunod sa seksyon 8.1.5 ng ADR

Ang sumusunod na kagamitan ay dadalhin sa loob ng unit ng sasakyan para sa lahat ng numero na label ng panganib:

- para sa bawat sasakyan, wheel chock na angkop ang laki sa maximum na lapad ng sasakyan at sa diameter ng gulong;
- dalawang naitatayong karatulang pambabala;
- likidong [a] pambanlaw sa mata; at

Para sa bawat miyembro ng tauhan ng sasakyan:

- isang warning vest (hal. tulad ng nilarawan sa EN 471 standard);
- isang nabibitbit na aparatong pang-ilaw;
- isang pares ng pamprotektang gwantes; at
- pamprotekta sa mata (hal. pamprotektang goggles).

Karagdagang kagamitang na kinakailangan para sa ilang uri:

- isang emergency escape mask[b] para sa bawat miyembro ng tauhan ng sasakyan ang dadalhin sa loob ng sasakyan para sa mga numero 2.3 at 3.1 na label ng panganib;
- pala [c],
- drain seal [c],
- lalagyang pangkolekta na gawa sa plastik [c].

a Hindi kailangan para sa mga numero 1, 1.4, 1.5, 1.6, 2.1, 2.2 at 2.3 na label ng panganib.
b Halimbawa emergency escape mask na may kasamang pansala ng gas/alikabok ng A1B1E1K1-P1 or A2B2E2K2-P2 type na tulad ng inilarawan sa EN 141 standard.
c Kailangan lamang para sa mga numero 3, 4.1, 4.3, 8 at 9 na label ng panganib.

International Road Transport Union, Secretariat General

Tel: +41-22-918 27 00
Fax: +41-22-918 27 41
E-mail: iru@iru.org
Web: www.iru.org